

Minamahal na Miyembro ng Komunidad,

Sa mga unang araw ng linggong ito, nag-annunsiyo ang mga opisyal ng kalusugan ng San Francisco at Bay Area ng isang [kautusang 'manatili sa bahay'](#) ('shelter in place' order) para sa lahat ng residente maliban sa mga mahahalagang pangangailangan. Ang kautusang ito ay isang importanteng hakbang upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 sa ating mga komunidad ([alamin pa](#)). Alam namin ang mga pagsubok na idinudulot nito sa mga residente at ang epekto nito sa ating mga negosyo, nonprofit o di-pangnegosyong organisasyon, at sa kanilang mga empleyado.

Nananatiling nakatuon ang Opisina ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Manggagawa (Office of Economic and Workforce Development o OEWD) sa pagsuporta sa ating mga negosyo, di-pangnegosyong organisasyon, at mga komunidad ng manggagawa. [Sa mga nakalipas na linggo, nagpatupad ang San Francisco at ang mga kaparehang pampubliko at pamribado ng ilang hakbang at programa ng patakarang magagamit upang matulungan ang mga negosyo.](#) Makikita nyo ang mga impormasyon ng mga serbisyo at programa na aming ginawa para sa pag establisar at pagpapatatag ng ating kondisyon, mangyari po lang na basahin ang mga sumusunod na impormasyon sa ibaba:

### **Mga mapagkukunan ng tulong pinansyal**

- [COVID-19 Pondo para sa Katatagan ng Maliit na Negosyo](#) (OEWD) - Pagpopondo na aabot sa \$10,000 para sa mga sahod ng empleyado at upa.
- [Pondo para sa Umiikot na Utang \(Revolving Loan Fund\)](#) (OEWD/Paglulunsad sa Main Street) - Mga maliliit na utang na aabot sa \$50,000
- [Pondo ng Emerging Loan](#) (OEWD/Paglulunsad sa Main Street) - Mga utang na nasa pagitan ng \$50,000 hanggang \$250,000
- [Mababang Interest na Pautang dahil sa Pinsala sa Ekonomiyang dulot ng Kalamidad](#) (Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo) - Mga utang upang magbigay ng suportang pangkabuhayan sa maliliit na negosyo upang makatulong na malampasan ang pansamantalang pagkawalan ng kita.

### **Pagpapaliban ng mga Bayad at Buwis**

- [Pagpapaliban ng Buwis sa mga Negosyo at Taunang Bayad sa Lisensya/Permit](#) (Opisina ng Ingat-Yaman at Maniningil ng Buwis)
- [Ulat ng Payroll at Pagpapalawig ng Buwis sa Payroll](#) (Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Trabaho o Employment Development Department-EDD)
- [Pagpapaliban ng Pagbabayad ng Buwis](#) (Serbisyong Rentas Internas - IRS)-

### **Tulong sa Ari-arian**

- [Pagpapatigil sa mga Pagpapaalis sa mga Nangungupahan sa Komersyal na establisimiento](#) – Naaangkop sa maliliit/katamtaman ang laki na mga negosyo na may lisensyang magpatakbo sa San Francisco na mayroong mababa sa \$25 milyong taunang kabuuang kita.
- [Tulong sa Pagpapaupa at Legal na Tulong \(OEWD/Komite ng mga Abogado para sa mga Karapatang Sibil\)](#)

### **Mga Mapagkukunan ng Empleyado**

- [Bayad na Pagliban dahil sa Pagkakasakit – Programang Para sa mga Manggagawa at Pang Unang Pamilyang Programa](#) (OEWD) – Pagpopondo upang magbigay ng karagdagan limang araw na bayad sa pagliban dahil sa pagkakasakit sa mga manggagawa na bukod sa kanilang mga umiiral na patakaran.
- [Mga Serbisyong Mabilis na Pagtugon](#) (OEWD) - Oryentasyon para sa mga apektadong empleyado upang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga programang pagsasanay sa trabaho, pangangalaga sa kalusugan, insurance sa may kapansanan, kawalan ng trabaho, atbp.).
- [Bahagyang Tulong na Pinansyal](#) (Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Trabaho - EDD) Para sa mga employer na gustong mapanatili ang mga empleyado kapag may kakulangan sa trabaho.
- [Programang Pagbabahagi ng Trabaho](#) (Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Trabaho - EDD) Tulong pinansyal para sa mga negosyo para maiwasan ang pagtanggap ng mga trabahador dahil sa kakulangan ng magagawa sa trabaho.

### **Suporta sa mga Serbisyong Pambayan**

- [Pagpapatigil ng mga Pagputol ng Linya ng Tubig/Pagtanggap ng mga Multa sa Nahuling Pagbabayad](#) (SFPUC)

- [Pagpapatigil ng mga Pagputol ng Linya ng Gas at Kuryente/Mga Plano ng Naiaangkop na Pagbabayad \(Flexible Payment Plans\)](#) (PG&E)

### **Pag-aalaga ng bata**

- [Pag-aalaga ng mga Anak ng mga Magulang na nasa mga Front Line at mga Pamilyang Nagtatrabaho na Mababa ang Kita](#) (Libangan at Parke at Pampublikong Aklatan)
- [Higit pang pangangalaga sa bata](#)

### **Iba pa**

- [Webpage ng San Francisco COVID-19](#)
- [Webpage ng California COVID-19](#)
- [Patnubay sa Pagpapatuloy ng Pagbabayad sa mga Non-profit na Kapareha ng Lungsod](#) (Opisina ng Controller)
- [Webinar](#)

Iniuugnay ng OEWD ang mga employer sa mga kapaki-pakinabang na impormasyon at tulong upang suportahan ang inyong mga empleyado sa pamamagitan ng mga programang nakalaan upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Patuloy ang operasyon ng aming opisina na may mga tauhan na nakalaan upang magbigay ng impormasyon sa pamamagitan ng email at sa telepono upang makatulong at mabawasan ang mga kahirapan sa pinansyal na kinakaharap ng ating mga komunidad sa negosyo at di-pangnegosyo.

### **Para sa mga Negosyo:**

Office of Small Business, Assistance Center

**415-554-6134**

[sfosb@sfgov.org](mailto:sfosb@sfgov.org)

### **Para sa mga Di-pangnegosyo (Nonprofit):**

Office of Economic and Workforce Development, Economic Development  
Lex Leifheit

**415-554-6959**

[lex.leifheit@sfgov.org](mailto:lex.leifheit@sfgov.org)

### **Para sa mga Empleyado:**

Office of Economic and Workforce Development, Workforce Development

Division  
**Worker Information Line**  
**415-701-4817**  
**[workforce.connection@sfgov.org](mailto:workforce.connection@sfgov.org)**

Nagpapatuloy ang OEWD upang higit pang itaguyod at paunlarin ang mga programang makatulong para sa maliliit na negosyo, di-pangnegosyo (nonprofit), at sa kanilang mga manggagawa. Magkakasama ang ating mga kaparehang lokal, estado at pederal upang magbigay ng tulong at magtuon ng pansin sa pagbangon ng ekonomiya. Upang makapagbigay ng mga pangunahing impormasyon sa totoong oras, lumikha ang OEWD ng isang webpage na nakalaan upang maglingkod bilang isang one-stop shop para sa lahat ng mapagkukunan na maaaring pakinabangan ng mga employer at empleyado sa panahong ito, sa tawag na [Tulong at Patnubay para sa mga Negosyo at Manggagawa na Apektado ng COVID-19](#).

Itinatag ni Mayor Breed at ng Tagapangasiwa ng Lungsod ang [Give2SF Fund](#) ng San Francisco na nagpapahintulot sa Lungsod na tumanggap ng mga abuloy na salapi na maibabawas sa buwis na gagastusin sa iba't ibang pagsisikap ng Lungsod kabilang ang pagbibigay ng tirahan, pagkain, at iba pang uri na pangangailangan upang matulungan ang mga indibidwal sa buong Lungsod pati na rin ang maliliit na negosyo na apektado ng paglaganap ng sakit.

Bilang karagdagan sa mga programang ito, maaari mo ring ma-access ang mga libreng webinar sa pamamagitan ng pagbisita [dito](#).

Naiintindihan namin na ang aspeto ng COVID-19 ay mabilis na nagbabago. Magpapatuloy kami sa pagbibigay ng arawang impormasyon na aming matatangap sa aming website. Maaari rin kayong tumawag sa 311 at mag-sign up para sa serbisyong pag-alerto ng Lungsod para sa mga opisyal na update: i-text ang COVID19SF sa 888-777.

Alam namin na mahirap ang mga panahong ito para sa lahat. Ngunit alam din namin na ang San Francisco ay isang matatag at malakas na komunidad. Kaya, ingatan natin ang bawat isa, at ang inyong mga pamilya at mga kaibigan. Maging mabuti sa bawat isa. At alam na makaliligtas tayo sa mga pagsubok na ito kung tayo ay nagkakaisa.

Taos-puso,

**Joaquín Torres | 郭華健**

Direktor

Opisina sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Manggagawa